# BOROTOY'S JAMBO Journal

THE OFFICIAL NEWSLETTER O TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE

2019 EDITION ISSUE 7 DECEMBER 7, 2019




**DUTY TO GOD, TO COUNTRY & TO OTHERS.** A Scout is bound to be of service and to live by the Scout Law. (ANDREI PANGILINAN)



**UNISON.** More than the fancy drill they do, what is observed is more than what the eyes could see. (JUSTER MARC ECHIPARE)

> "ONCE A SCOUT, ALWAYS A SCOUT"
> – *Robert Baden-Powell*

## Pagdanganan joins Grand Campfire, quips life lesson

by Lee John Ng

"What matter is not the memories you've encountered here in this Jamboree, what matters most is the memories in every heart and soul," Roberto M. Pagdanganan, National President emphasized as he gives his message to scouts during the Grand campfire Dec. 6.

Scouts from the six sub-camps participated in witnessing the igniting of the bonfire that shows how the campfire served as guide for every scout to help other people.

Continue to Page 6



Photo Courtesy of One Botolan FB Page

# SCOUTS EXHIBIT IDENTITIES THROUGH JAMBOREE FIESTA

by Jayson Nalicat

### *17th NSJ just turned a parade of regional emblems*

An array of Scouters was formed at the Jambo Food Hub that signalled the start of the much awaited Jamboree Fiesta, one of the highlights of the culminating day of the 17th BSP Scout Jamboree held at Camp Kainomayan, San Juan, Botolan, Zambales, 2pm of Dec. 6.

"Sobrang saya sa pakiramdam na dala-dala ko ang pangalan ng aking probinsya para makita nila na ganito tayo, na may ganitong pagtatanghal din," Kean Dejesa of Ramon Magsaysay Council said, explaining that their performance was well-thought choreography showcasing the talents of Zambalenos.

With colorful costumes and elaborate movements, fellow Scouts and expectators were amazed as how each delegation entertained the crowd with their precise dance moves with loud chants that echo their identity as one unique group.

Among the performers were the councils of Iloilo City, Davao City, Baguio City, Cebu City, Guimaras, Bulacan, Leyte, Ilocos Sur, Las Pinas, Tarlac, and Ramon Magsaysay Council.

"This is a great way to tell our stories, to promote camaraderie because having this kind of activity entails a lot of patience and hardwork," George Acupan, Council Training Commissioner of the Ramon Magsaysay said.

While the said activity flaunted assets of each delegation,Dejesa stated, "Hindi na mahalaga kung manalo o matalo, ito ay pagpapaalala ng kultura at mayamang kasaysayan ng bawat lugar. Sa huli, lahat ay nandito para pag-isahin sa ating pagkakaiba."

The said activity ended recognizing the following: Bulacan as 3rd runner-up, Ramon Magsaysay Council as 2nd runner up, Tarlac as 1st runner up while Cebu Council bagged the best Street Dance Performance.

## Cartago commends Botolan, declares BSP Jamboree a success

by John Spencer D. Arlega

National Camp Officer Secretariat Janice Quintos Cartago, all praises to Municipal Government of Botolan for their contribution to the success of 17th National Scout Jamboree.

"They really prepared for it. Lahat ng kulang na facilities and all of that, ginawan talaga ng paraan.", the Secretariat shared during her sit down interview.

Cartago also expressed her gratitude to the utmost hospitality of all Boteleños, especially the LGU Botolan, as well as for their willingness to accommodate over 25K Scouts.

"Iyong space is enough para ma – cater yung lahat ng campers. Yung activity area, yung campsite napakconducive sa camping na ganito kalaki at nai – augment talaga yung pangangailangan", Cartago ended.





HOME SWEET HOME. The delegation of Agusan Council prepares to leave Camp Kainomayan early in the morning. (ANDREI PANGILINAN)

BOROTOY'S JAMBO Journal

# Aral ng Jamboree, baon sa pag-alis ng iskawts

by:Juvy C. Deliquina

"May kurot sa puso ang aming pag-alis sapagkat mami-miss namin ang Botolan, pero ito ay karanasan na di namin makakalimutan kung saan kami ay natutong magtipid, maging matiisin, magkaroon ng mababang kalooban, mapagmahal at higit sa lahat napalalim pa ang aming paggalang sa ibang tao maging sa kanilang kultura. " ang pambungad ni Iskawt Andrei Buntag ng Zamboanga sa pag-iikot ng team sa grand arena, ika-6 ng umaga.

Maagang sinimulan ng mga Scouts mula sa iba't ibang council ang pag-empake at pagbabaklas ng kani-kanilang mga tent sa Camp Kainomayan, Botolan, Zambales Dis. 7.

"Excited na kaming umuwi pero may kaunting lungkot dahil tapos na ang 17th National Jamboree." ani Reejay Dacut – Unit Leader ng Misamis Oriental Council.

Pinuri nila ang munisipalidad ng Botolan na siyang nag-host sa 17th National Scouts Jamboree na nilahukan ng 25,500 delegado na tinuturing na pinakamalaking bilang sa kasaysayan ng Iskawting sa Pilipinas.

"Botolan was picked very rush but still, they've provided us good campsite and other facilities. The Organizing Committee and the Staffs, they welcomed us with open arms." pahayag naman ni Hanz Cabelin iskawt ng Tacloban City Council.

Samantala, hindi pinalampas ng mga Iskawts ang pagbisita sa Jambo Market upang bumili ng mga pasalubong pauwi sa kani-kanilang rehiyon.

"Never mind the weather as long as Scouts are all together, we are going back home where sunshine never fails, salamat po," pahayag naman ni Geronimo Jun Beja- Council Comissioner for Training ng Misamis Oriental Council.

# SGRSV delivers speech for the scouts to depart

by Jethro Alop Ticong / Rachel Loreign B. Panes



"What matter is not the memories that you have encountered in this Jamboree, what matters most is the memories that need in every part of soul of the Boy Scouts," said by Secretary-General of BSP, Engr. Rogelio S. Villa Jr.

Applauded by thousands of scouts all over the Philippines, Villa' s speech revolved around the opportunity that the Scouting has provided the delegates posting the challenge to live by the virtue of Scouts as the 17th National Scout Jamboree concluded last night.

"Maraming-maraming salamat po sa inyong suporta. Mabuhay ang Boy Scouts of the Philippines at patuloy pa nating langhapin ang malamig at matamis ng hangin ng Botolan," he said proudly and ended with his favorite line from the song Buwan, "Sa ilalim ng puting ilaw, sa dilaw ng buwan."

He further expressed his gratitude to Governor Hermogenes E. Ebdane Jr., Mayor Bing Maniquiz, Vice Mayor Doris Daria Ladines, and to members of the Sangguniang Bayan, SDS Dr. Leonardo Zapanta, PSDS-Botolan Emily Mayor, Red Cross- Zambales Chapter, and PNP-Botolan.

**Si Paul ng Aklan**
From Page 5

"Kapag bibili ako sa Jambo Market binibigyan nila ako ng naka-styro foam na pagkain kaya mas gusto ko na plato na lang po kahit ako na lang iyong maghugas. Ako kasi iyong klase ng tao na ayaw ng dumagdag pa sa kalat as much as possible i-minimize ko nalang sa sarili ko," saad ni Paul.

Sa maliliit 'mang hakbang ng mga paa ay sasapit pa rin sa iyong paroroonan. Patuloy man ang pag-unlad ng teknolohiya at mabilis na pag-inog ng makabagong panahon, kailangan ng aksiyon ang problemang ito katulad ng adhika ni Paul sa kanyang pananatili dito sa mundong ibabaw.

# Agusan Council nag-alay ng misa,

## Isang araw na pakikilahok ipinagpasalamat

by Marc Jay R. Duque at Ara Joy D. Baluyot

Naabutan pang nagmimisa sa bakuran ng San Juan Integrated School ang delegado ng Agusan Council sa huling araw ng Iskawting sa pangunguna ni Rev. Father John Christian U. Young ,CML Member, Local Council Executive Board at Scout Leader, ika-7 ng umaga, Dis. 6.



Photo by Andrei Pangilinan

Tinatayang 60 delegado kabilang ang mga Iskawts, Scout Leaders at Staff ang nakilahok sa nasabing Jamboree sa kabila ng pagkaantala nila ng limang araw sa Cebu Airport dulot ng bagyong 'Tisoy'.

Ayon kay Young, masaya pa rin sila dahil marami silang natutunan at naranasan sa loob ng isang araw na dapat ipagpasalamat higit lalo sa Diyos yaman rin lang na isa sa 12 batas ng Iskawts ang pagiging maka-Diyos .

"Kasi part talaga yun ng objectives na makasali sa National Scout Jamboree ang mga bata at kahit 1 day lang 'yong na-experience nila, marami namang mga activities ang nasalihan nila at nalaman nila. Lesson din 'yon na kung ano 'yong objectives kailangang sundin natin, commitment kasi ito" dagdag pa niya.

# Pagsungkit ng Guiness World Record, sinubok sa 17th NSJ

by Ara Baluyot/Marielle Castrence/Hannah Gernale/Ryan Cabusao

Tinatayang 5,000 iskawts mula sa iba't ibang councils ang nakilahok sa ginanap na 'test run' sa pagbuo ng napakalaking 'Jambo Neckerchief' gamit ang pinagtagpi-tagping mga BSP Scarves na isinagawa pagsapit ng ika-6 na araw ng 17th National Scout Jamboree.

Isinakatuparan ang naturang gawain upang mabatid kung kakayanin nga ba ng Pilipinas na mapabilang sa Guinness Book of World Record bilang may pinakamalaking nagawang neckerchief sa buong mundo.

"Pilipinas pa lamang ang gumagawa, sinusubukan pa lamang. This is just a test run or dry run upang malaman kung kaya natin and it turns out na kaya naman pala," ani Carmelo Francia, tagapangasiwa ng nasabing gawain.

Kaugnay nito, ang kabuuang sukat ay 137×135 feet na binabalak pang lakihan at taasan kung sakaling maging nominado at mapaunlakan sa Guinness World Record.



Photo Courtesy of One Botolan FB Page

**Pagdanganan joins Grand Campfire**
From Page 1

The activity served as the culminating activity showcasing the talents in the skit, yell and song competition in line with the theme: Saving lives where winners of the different competitions conducted beforehand were also given recognition.

The closing ceremony started at 7:30 in the evening and lasted for 3 hours.